REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 93-113

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN NG SANGGUNIANG BAYAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA IPAGKALOOB ANG KARAGDAGANG LIMANGDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) KADA BUWAN SA RED FOX TRUCKING SERVICES PARA SA SERBISYO NITO BILANG KONTRATISTA NA HUMAHAKOT NG BASURA SA BAYAN NG MUNTINLUPA O ANG KABUUANG HALAGANG ISANG MILYON AT ANIM NA DAANG LIBONG PISO (P1,600,000.00) KADA BUWAN AT ANG PAGSASAGAWA NG KAUKULANG KASUNDUAN PARA DITO.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Alejandro L. Martinez
Kgg. Arturo S. Bunyi

************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan bilang bahagi ng pangunahing serbisyo publiko nito ay hinahangad na mapabuti ang kasalukuyang koleksyon sa basura at ang sistemang pagtatapon na karapat-dapat lamang sa Bayan ng Muntinlupa bilang magandang modelo ng buong bansa sa kalinisan at kaayusan;

SAPAGKAT, sa hangaring ito, ang Pamahalaang Bayan ay pumasok sa isang kasunduan sa Red Fox Trucking Services para sa koleksyon at wastong pagtatapon ng mga basura ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Red Fox Trucking Services alinsunod sa kasunduan ay titiyakin ang kalinisan ng buong Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng higit na maraming biyahe kung maaari bawat araw sa paghahakot ng basura upang masiguro ang kalinisan at wastong sanitasyon ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang tapunan ng basura o dumpsite ay nasa Calamba, Laguna pa o mahigit sa 28 kilometro ang layo sa Bayan ng Muntinlupa kung ihahambing sa dating dumpsite na nasa NBP Reservation, Muntinlupa lamang;

SAPAGKAT, ang "maintenance and operating cost" ay lubhang tumaas sanhi ng pagkalayo ng dumpsite lalo pa't ang pagdami ng mga basura na kakaharapin sa pagdating ng holiday season;

SAPAGKAT, ang karagdagang Limangdaang Libong Piso (P500,000.00) kada buwan sa serbisyo ng Red Fox Trucking Services ay magtatapos sa Disyembre 31, 1993 at magkakaroon ng panibagong kasunduan kung kinakailangan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na binibigyang karapatan ng Sangguniang Bayan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na ipagkaloob ang karagdagang Limangdang Libong Piso (P500,000.00) kada buwan sa Red Fox Trucking Services para sa serbisyo nito bilang kontratista na humahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa o ang kabuuang halagang Isang Milyon at Anim na Daang Libong Piso (P1,600,000.00) kada buwan at ang pagsasagawa ng kaukulang kasunduan para dito.

PINAGTIBAY NG MAS NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Nobyembre, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pangulo ng Panghapagang Mayorya
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

-Pahina 3-
Kapasiyahan Bilang 93-113

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan